Panukalang Bagong Batas sa Pagkakakilanlan at Pagtataguyod ng Multikultarismo sa ACT



Ang Pamahalaang ACT ay lilikha ng isang bagong batas sa taong 2021 na kikilalanin bilang ACT Multicultural Recognition Act (Batas sa Pagkilala sa Iba't Ibang Kultura). Ang bagong batas ay magpapatunay ng matibay na pangako ng Pamahalaang ACT sa multikulturalismo sa ACT.

Ang konsultasyon ay bukas na at magtatapos sa simula ng Mayo 2021.

Nilalayon ng konsultasyon na:

- dagdagan ang kamalayan ng pamayanan sa pagbuo ng panukalang Multicultural Recognition Act;
- ipaalam at alukin ang mga organisasyong nakikitungo sa mga taga-Canberran na may iba't ibang kultura at wika; at
- Mangalap ng puna at pananaw mula sa lahat ng residente ng ACT tungkol sa pagbuo ng batas.

Kasama ng bagong batas ang tatlong pangunahing saligan. Ang mga ito ay Multicultural Charter (Charter para sa Iba't Ibang Kultura), Multicultural Advisory Council (Konsehong Tagapayo para sa Iba't Ibang Kultura) at isang balangkas na sumusuporta sa pagtakda ng priyoridad ng Pamahalaan at pag-uulat sa pamayanan. Ito ay ipinapaliwanag sa mga sumusunod.

Multicultural Charter

Bubuuin ang Multicultural Charter na nagbibigay-diin sa mga 'pangunahing prinsipyo' na kinakailangan upang suportahan ang patakaran ng multiculturism. Ang mga pangunahing prinsipyong ito ay maaaring magamit ng mga pamahalaan, negosyo at pamayanan upang magsagawa ng mga pagtatasa kung ang multiculturism ay isinusulong sa ating pamayanan sa ACT.

Multicultural Advisory Council

Kasama sa bagong batas ang kasalukuyang itinalaga ng Ministro na Multicultural Advisory Council. Ang tungkulin ng Konseho ay magbigay ng payo sa Ministro ng ACT para sa Multicultural Affairs hinggil sa hanay ng mga isyu at paksa. Ang mga tungkulin at kabuuan ng Konseho ay nakabatay sa proseso ng konsultasyon.

Pagtakda ng prayoridad at balangkas ng pag-uulat

Gagabayan ng bagong batas ang Pamahalaang ACT at ang mga ahensya nito sa pagtatakda ng mga prayoridad at pagbubuo, paghahatid at pagsusuri ng mga patakaran, programa at serbisyo para sa pamayanan ng ACT. Inaasahan din na ang bagong batas ay aatasan ang mga ahensya na mag-ulat ng kanilang mga inisyatiba sa publiko upang ipatupad ang napagkasunduang mga prayoridad.

Paano ka makakasali at makakahanap ng karagdagang impormasyon

Bisitahin ang www.communityservices.act.gov.au/multicultural/multicultural-recognition at magparehistro upang makadalo sa palihan ng pamayanang konsultasyon

Mag-email sa multiculturalaffairs@act.gov.au kung may anumang katanungan

Sagutan ang survey sa www.yoursay.act.gov.au/multicultural-recognition-act

Panukalang Bagong Batas sa Pagkakakilanlan at Pagtataguyod ng Multikultarismo sa ACT



Draft ACT Multicultural Charter para sa Konsultasyon

Nagsusumikap ang ACT na maging isa sa pinakadakilang pamayanang multikultural sa mundo.

Kinikilala namin ang ating First Nations People (Unang Katutubong Tao sa Bansa), at iginagalang ang kanilang pamana, kultura at ang patuloy na ambag na kanilang ibinibigay sa ACT at rehiyon. Itataguyod namin ang pagkakasundo at kikilalanin na ang lupaing ito ay lupaing Aborihinal at mananatiling lupaing Aborihinal.

Pinahahalagahan namin ang lahat ng mga residente ng ACT, at lahat tayo ay maaaring mag-ambag upang gawing mapayapa at marespetong lugar upang manirahan ang ating Teritoryo, kung saan tayo ay nagagalak sa pagbabahagi ng ating sangkatauhan, sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa bawat isa at pag-aabot ng kamay ng pagkakaibigan.

Kinikilala namin na lahat tayo ay may papel na ginagampanan sa pamamagitan ng ating mga pinagtratrabuhan at samahan, bilang mga indibidwal at sama-sama, sa pagtataguyod ng panglahatan (inklusibo) at magalang na lipunan ng ACT.

Kinikilala ng bawat isa sa atin ang mga panlahatang prinsipyo na:

- panlahatang pangako sa Australya at sa ACT;
- panlahatang pangako sa alituntunin ng batas;
- kalayaan upang ipahayag ang pagkakaiba-iba ng kultura, wika at relihiyon;
- paggalang sa kapwa anuman ang pinagmulan; at
- pantay-pantay na pagkakataong makilahok.

Bilang isang pamayanang multikultural, kami ay patuloy na susuporta sa multikulturalismo sa pamamagitan ng:

- Pagpapadali ng pagkuha sa mga serbisyo at mabilis na pagtugon sa pamayanang multikultural;
- Pagtataguyod ng aktibong pagkamamamayan, pakikilahok at pagkakaisa sa lipunan;
- Samantalahin ang mga pakinabang sa pagkakaiba-iba ng kultura;
- Paglikha ng mga oportunidad para sa ating mga samahan, ahensya at institusyon upang mas mahusay na tanggapin, itaguyod at tangkilikin ang pilosopiya ng multikulturalismo at ang mga benepisyo ng pagkakaiba-iba ng kultura; at
- Pagsuporta sa ating sari-saring pamayanang multikultural upang bumuo at aktibong mag-ambag sa ating dakilang lungsod.

Mga Pangunahing Katanungan:

1. **Ano ang dapat isama sa ating ACT Multicultural Charter?**
2. **Paano maisama sa Charter ang mga residente ng ACT na Aborihinal at ang Torres Strait Islander?**
3. **Mayroon pa bang ibang mga prinsipyo, na hindi nabanggit sa itaas, na dapat isaalang-alang na isama sa ACT Charter?**
4. **Anong ambisyon at/o adhikain ang dapat nating itakda para sa ating sarili bilang isang pamayanan?**

Panukalang Bagong Batas sa Pagkakakilanlan at Pagtataguyod ng Multikultarismo sa ACT



Posibleng tungkuling pambatas ng ACT Multicultural Advisory Council

Ang mga tungkulin ng ACT Multicultural Advisory Council ay magbigay-payo sa Ministro hinggil sa:

- Mga paraan upang madagdagan ang pagkakataon at mabawasan ang mga balakid sa mga taga-Canberra na nagmula sa iba't ibang kultura at pinanggalingan upang aktibong lumahok sa buhay panlipunan, pangkultura, pang-ekonomiya at pangpamayan sa ACT;
- Mga pagpapabuti sa paraan ng paghahatid ng mga serbisyo ng pamahalaan sa mga pamayanang multikultural sa ACT;
- Kinakailangang konsultasyon upang matukoy ang mga pangangailangan ng pamayanang multikultural sa ACT;
- Mga pangangailangan ng mga pamayanang migrante, partikular ang mga refugee at mga naghahanap ng asylum, patungkol sa kanilang pagsasama sa pamayanan ng ACT at pagtukoy ng mga pagkakataon upang mapabuti ang kanilang pagsasama;
- Pagyamanin ang maayos na ugnayang pampamayanan sa ACT at mga karatig na rehiyon; at
- Anumang iba pang mga tungkulin ayon sa direksyon ng Ministro.

Bilang karagdagan, iminumungkahi na ang Konseho ay:

- Magsagawa ng konsultasyon sa mga nauugnay na mga lupon at kinatawan upang matukoy ang mga pangangailangan ng pamayanan.

Mga Pangunahing Tanong:

1. **Ano ang dapat na mga tungkulin ng Multicultural Advisory Council?**

Panukalang Bagong Batas sa Pagkakakilanlan at Pagtataguyod ng Multikultarismo sa ACT



Posibleng kabuuan ng ACT Multicultural Advisory Council

- Ang konseho ay binubuo ng 9 hanggang 11 na miyembro
- Ang termino ng pagkatalaga para sa mga miyembro ay 3 taon
- Ang pagkatalaga ay halinhinan na ang kalahati ng mga kasapi ay nire-renew bawat 18 buwan
- Ang mga miyembro ng Konseho ay maaaring magsilbi nang hindi hihigit sa 2 magkakasunod na termino
- Ang Namumuno at Pangalawang Namumuno ay babayaran, at ang kabayaran ay pagpapasyahan ng ACT Tribunal ng Renumeration
- Ang batas ay susuriin pagkatapos ng 5 taong operasyon
- Ang kasapian ng konseho ay mababalangkas ng Ministro sa pamamagitan ng regulasyon. Isaaalang-alang ng Ministro ang mga kadahilanan tulad ng halo ng kulturang pinanggalingan, kasarian, edad at mga tao na may kadalubhasaan sa mga napapanahong isyu. Maaaring isaalang-alang ng Ministro ang mga kinatawan na dalubhasa sa mga sumusunod na paksa:

  - Mga umuusbong na pamayanan
  - Paninirahan ng mga migrante
  - Mga relasyon sa pamayanan at lahi
  - Mga serbisyong pangwika
  - Mga Interpreter at Tagasaling-wika
  - Pamumuno
  - Negosyo
  - Mga Paaralan ng Wika sa Komunidad
  - Pag-unlad ng pamayanan
  - Mga lupong kinatawan ng pamayanan
  - Mga pangkat ng pananampalataya
  - Kabataan
  - Sining at Kultura
  - Ugnayan ng iba't ibang salinlahi at iba't ibang lahi

Mga Pangunahing Katanungan:

1. **Ano ang dapat na termino ng pagtalaga para sa mga miyembro ng Multicultural Advisory Council?**
2. **Ano ang dapat na pinakamahabang termino, o taon, na maaaring magsilbi ang isang miyembro ng konseho?**
3. **Dapat bang isapubliko ang buod ng mga pagpupulong ng MAC, kasunod ng mga pagpupulong?**
4. **Ano, kung mayroon man, ang kadalubhasaan na dapat unahin sa pagbubuo ng Konseho?**
5. **Mayroon pa bang ibang mga isyu na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng pamamahala ng MAC sa ACT?`**

Pag-access

Ang Pamahalaang ACT ay nakatuon sa paggawa ng impormasyon, serbisyo, kaganapan at lugar ng kaganapan, na makakarating sa pinakamaraming tao hangga't maaari.

Kung nahihirapan kang basahin ang isang karaniwang titik ng dokumento at nais mong matanggap ang publikasyon na ito sa isang **alternatibong format** - tulad ng malaking titik o audio - mangyaring tumawag sa **(02) 6205 0282.**

Kung hindi Ingles ang iyong unang wika at kailangan mo ng mga serbisyo sa **pagsasaling-wika at pag-iinterprete** – mangyaring tumawag sa **131 450.**

Kung ikaw ay bingi o may kapansanan sa pandinig at nangangailangan ng **National Relay Service**, tumawag sa **133 677 pagkatapos ay hingin ang numerong 133 427**